As Of First Importance Ministries

# *Ang* MAGANDANG BALITA *ay si* JESU-CRISTO

*Isang buod ng Ebanghelyo na nakasentro kay Cristo*

TAGALOG TEACHER

Copyright © 2022, 2025 by Narciso P. Cabuhat and distributed by As Of First Importance Ministries. All rights reserved.

Ang lahat ng mga sanggunian sa Kasulatan ay kinuha mula sa Ang Salita ng Dios (Tagalog Contemporary Bible) Copyright © 2009, 2011, 2014, 2015 by Biblica, Inc. ®

--

**Para mag-download at mag-print ng libreng digital copy ng resource na ito at marami pang iba, visit www.aofim.org/resources or contact us at info@aofim.org**

Sa aming misyon na magbigay ng libreng pagtuturo sa Bibliya na nakasentro kay Cristo, ang lahat sa aming resource library ay libre para sa iyong personal at ministeryal na paggamit basta't hindi mo binabago ang mga mapagkukunan sa anumang paraan at hindi ka naniningil ng bayad (kahit para mabawi ang iyong mga gastos). Lahat ng nilalaman at mga mapagkukunan na iyong kinokopya at ipinamahagi ay dapat panatilihin ang copyright at logo ng As Of First Importance Ministries.

Inilalaan ng As Of First Importance Ministries ang lahat ng proteksyon ng copyright ayon sa naaangkop na batas at inilalagak namin ang karapatan na bawiin o baguhin ang mga pahintulot na ito anumang oras. Ang mga kundisyong ito ay nilalayong protektahan ang aming ministeryo at lahat ng aming katuruan mula sa maling paggamit at di-wastong pag-aari. Ang pag-access sa aming katuruan at paggamit ng aming mga resources ay itinuturing na pagtanggap sa mga kundisyong ito bilang isang naka binding, legal na kontrata.

v2025.08.26

# Pagpapahayag ng ebanghelyo na karapat-dapat kay Jesu-Cristo.

*Pahayag 5*
"Ibigay sa nakaupo sa trono at sa Tupa ang kapurihan, kaluwalhatian, karangalan at kapangyarihan magpakailanman!"

**Ayon sa mga Kasulatan, dapat ipahayag ng mga Kristiyano ang Magadang Balita ni Jesu-Cristo sa lahat dahil karapat-dapat ang Diyos na PAPURIHAN.**

- **Diyos ay karapat-dapat na papurihan:** *Juan 1:14-18 & Roma 1:15-17 & 2 Corinto 4:1-6 & Filipos 1:12-21*



PANGALAN

ANG PINAKAMAHALAGANG:

# Ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo

*1 Corinto 15:1-5 & Roma 1:1-17*
"Mga kapatid, nais kong ipaalala sa inyo ang Magandang Balita na ipinangaral ko sa inyo. Ito ang aral na inyong tinanggap at hanggang ngayon ay pinaninindigan ninyo. Sa pamamagitan nito'y maliligtas kayo kung panghahawakan ninyong mabuti ang ipinangaral ko, maliban na lamang kung hindi talaga tunay ang inyong pananampalataya.

Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na si Cristo'y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan. Inilibing siya ngunit muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan. Nagpakita siya kay Pedro, at sa iba pang 12 apostol."

**Ayon sa Kasulatan:**
**(1) NANINIWALA tayo sa Magandang Balita ng Diyos,**
**(2) NALIGTAS tayo sa pamamagitan ng pananampalataya sa Magandang Balita,**
**(3) IPINANGANGARAL natin ang Magandang Balita, at**
**(4) ang ating PANININDIGAN ay ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo ayon sa Kasulatan.**

- **Pinakamahalagang** (*protos*): ay nangangahulugang una sa panahon, espasyo, ranggo, impluwensya, at karangalan. Ito rin ang salitang ginamit sa *Marcos 12:29-30* nang pag-usapan ni Jesucristo ang pinakamahalagang utos at bilang "pinakadakila" sa *Colosas 1:13-18*
- **Si Jesu-Cristo ang pinakamahalagang patotoo sa Kasulatan:** *Juan 5:39-40; Juan 20:30-31*

- **Magandang Balita:** mabuting balita, o pagpapahayag ng biyaya ng Diyos. *Gawa 20:24*
- **Pananampalataya:** makumbinsi, magkaroon ng tiwala sa, at ipagkatiwala ang sarili. *Roma 10:8-17*
- **Maliligtas:** iligtas sa pagkondema at pagwasak. *Roma 8:1*



# Pagpapahayag ng ebanghelyo na karapat-dapat kay Jesu-Cristo.

*1 Timoteo 2:3-4*
"Mabuti ito at nakalulugod sa Dios na ating Tagapagligtas. Nais niyang maligtas ang lahat ng tao at malaman ang katotohanan."

**Ayon sa mga Kasulatan, dapat ipahayag ng mga Kristiyano ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo sa lahat dahil NINANAIS ng Diyos na ang lahat ay maligtas.**

- **Nais ng Diyos:** *Juan 3:16 & 1 Juan 2:1-2 & 1 Juan 4:10 & 2 Pedro 3:9*

*2 Tesalonica 2:13-14*
"Mga kapatid, lagi kaming nagpapasalamat sa Dios dahil sa inyo na mga minamahal ng Panginoon. At nararapat lang kaming magpasalamat, dahil noong una pa man ay pinili na kayong maligtas ng Dios sa pamamagitan ng Espiritung nagpapabanal sa inyo, at sa pamamagitan ng pananampalataya n'yo sa katotohanan. Tinawag kayo ng Dios sa pamamagitan ng Magandang Balita na ipinahayag namin sa inyo para makabahagi kayo sa kadakilaan ng Panginoong Jesu-Cristo."

**Ayon sa mga Kasulatan, dapat ipahayag ng mga Kristiyano ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo sa lahat dahil ITINAKDA ng Diyos ang ilan para sa kaligtasan.**

- **Itinalaga ng Diyos:** *Gawa 2:37-39 & Gawa 13:46-48 & Efeso 1:3-6 & 2 Timoteo 2:8-10*

BAKIT KAILANGAN IPAHAYAG ANG EBANGHELYO?

## Pagpapahayag ng ebanghelyo na karapat-dapat kay Jesu-Cristo.

*Juan 14:15*
"Kung mahal n'yo ako, susundin n'yo ang aking mga utos."

**Ayon sa Kasulatan, dapat ipahayag ng mga Kristiyano ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo sa lahat dahil karapat-dapat ang Diyos ng ating buong DEBOSYON.**

- **Karapat-dapat ang Diyos ng ating debosyon:** *Mateo 22:36-38 & 2 Corinto 11:3-4 & Efeso 6:18-24 & Pahayag 2:1-7*

*Marcos 16:15*
"Pagkatapos, sinabi ni Jesus sa kanila, "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ninyo ang Magandang Balita sa lahat ng tao."

**Ayon sa Kasulatan, dapat ipahayag ng mga Kristiyano ang Magandang Balita ni Jesucristo sa lahat dahil INUUTUSAN ng Diyos ang mga Kristiyano na ipangaral ang Magandang Balita.**

- **Diyos ang nag uutos:** *Juan 15:26-27 & Lucas 24:4-48 & Mateo 28:18-20 & Gawa 1:7-8*



# Ang Magandang Balita ni Jesucristo

*Roma 1:1-17*
"… Hindi ko ikinakahiya ang Magandang Balita tungkol kay Cristo, dahil ito ang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng lahat ng sumasampalataya – una ang mga Judio at gayon din ang mga hindi Judio. Sapagkat ipinapahayag sa Magandang Balita kung paano itinuturing ng Dios na matuwid ang tao, at ito'y sa pamamagitan lang ng pananampalataya. Ayon nga sa Kasulatan, "Sa pananampalataya mabubuhay ang matuwid."

**Ayon sa Kasulatan, ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo ay pinapakita:**
**(1) ang katuwiran o kabutihan ng DIYOS NA nagligtas sa atin,**
**(2) ang katuwiran o kabutihan ng GINAWA ng DIYOS para iligtas tayo,**
**(3) ang katuwiran o kabutihan ng mga IPINAHAYAG ng DIYOS tungkol sa ating kaligtasan.**

*1 Corinto 15:1-5 & Roma 1:1-17*

**Ang pinakamahalaga at sukdulang katotohanan sa Kasulatan na inihahayag ng Diyos sa mga tao ay ang MAGANDANG BALITA ni Jesu-Cristo.**

Ang Magandang Balita ay kapangyarihan ng Dios sa kaligtasan ng lahat na sumasampalataya, sapagkat ipinapahayag sa Magandang Balita ang katuwiran o kabutihan ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang sinumang tao na hindi naniniwala sa Magandang Balita ni Jesucristo ayon sa Kasulatan ay hindi ligtas.

Ayon sa Kasulatan, ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo ay "pinakamahalaga." Ang pagkakaisa sa ebanghelyo ni Jesucristo ay pinakamahalaga sa simbahan at ang ebanghelyo ay dapat na maging pinakadahilan ng pagkakaisa ng simbahan.

- **Hindi Ligtas:** *Juan 3:16-18, Juan 3:35-36*
- **Pagkakaisa:** *Juan 17:17-23; Efeso 4:1-13; 2 Corinto 11:1-4; 1 Corinto 11:18-19*

# Ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo

**Ayon sa Kasulatan, ang ating PANANAMPALATAYA sa Magandang Balita ni Jesu-Cristo at ang ating PAGPANGARAL ng Magandang Balita ni Jesu-Cristo ay dapat ayon sa Bibliya.**

Ang mga paniniwala ng mga tao ay walang kabuluhan maliban kung naniniwala sila sa Magandang Balita ni Jesucristo ayon sa Salita ng Diyos o sa Kasulatan.

**Pananampalataya ayon sa Bibliya:** *Galacia 1:6-12; Hebreo 1:1-4; Hebreo 2:1-4;1 Timoteo 4:13-16*

**Kaya't, ang tanong ay: ano ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo ayon sa Kasulatan?** Ang pag aaral na ito ay nagsisikap na ibuod ang mga katotohanang ito sa Magandang Balita ni Jesucristo bilang pinakamahalaga.

*2 Corinto 4:1-6*
"... Ngunit kung may mga hindi nakakaintindi sa Magandang Balita na aming ipinapahayag, ito ay ang mga taong napapahamak. Ayaw nilang maniwala sa Magandang Balita dahil ang kanilang mga isipan ay binulag ni Satanas na naghahari sa mundong ito. Binulag niya sila para hindi nila maintindihan ang Magandang Balita tungkol sa kapangyarihan ni Cristo, na siyang larawan ng Dios. Hindi namin ipinangangaral ang aming mga sarili kundi si Jesu-Cristo, na siyang Panginoon. Naglilingkod kami sa inyo dahil kay Jesus. Sapagkat ang Dios na nagsabing, "Magkaroon ng liwanag sa kadiliman," ang siya ring nagbigay-liwanag sa aming mga isipan para maunawaan namin ang kapangyarihan ng Dios na nahayag kay Jesu-Cristo."

**Ayon sa Kasulatan, ipinapakita ng ebanghelyo ang KALUWALHATIAN ni Jesucristo. Kaya't ang ipahayag ang Kayang kaluwalhatian ay dapat na pinakamahalaga.**

Ang Magandang Balita ay ipinapahayag ang mga katotohanang ito:
**(1)** si Jesu-Cristo ay Diyos-Tao;
**(2)** ang kamatayan ni Jesu-Cristo;
**(3)** ang muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo;
**(4)** kaligtasan sa pamamagitan ng Diyos Ama, Anak, at Banal na Espiritu; at
**(5)** kaligtasan sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo lamang.



# Ayon sa Kasulatan.

*Roma 1:16-17*
"Hindi ko ikinakahiya ang Magandang Balita tungkol kay Cristo, dahil ito ang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng lahat ng sumasampalataya – una ang mga Judio at gayon din ang mga hindi Judio. Sapagkat ipinapahayag sa Magandang Balita kung paano itinuturing ng Dios na matuwid ang tao, at ito'y sa pamamagitan lang ng pananampalataya. Ayon nga sa Kasulatan, "Sa pananampalataya mabubuhay ang matuwid."

**Ayon sa mga Kasulatan, ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo ay pinapakita:**
**(1) ang katuwiran o kabutihan ng DIYOS NA nagligtas sa atin,**
**(2) ang katuwiran o kabutihan ng GINAWA ng DIYOS para iligtas tayo,**
**(3) ang katuwiran o kabutihan ng mga IPINAHAYAG ng DIYOS tungkol sa ating kaligtasan.**

ANO ANG MAGANDANG BALITA NI JESU-CRISTO?

# Ayon sa Kasulatan.

*2 Corinto 4:1-6*

"... Ngunit kung may mga hindi nakakaintindi sa Magandang Balita na aming ipinapahayag, ito ay ang mga taong napapahamak. Ayaw nilang maniwala sa Magandang Balita dahil ang kanilang mga isipan ay binulag ni Satanas na naghahari sa mundong ito. Binulag niya sila para hindi nila maintindihan ang Magandang Balita tungkol sa kapangyarihan ni Cristo, na siyang larawan ng Dios. Hindi namin ipinangangaral ang aming mga sarili kundi si Jesu-Cristo, na siyang Panginoon. Naglilingkod kami sa inyo dahil kay Jesus. Sapagkat ang Dios na nagsabing, "Magkaroon ng liwanag sa kadiliman," ang siya ring nagbigay-liwanag sa aming mga isipan para maunawaan namin ang kapangyarihan ng Dios na nahayag kay Jesu-Cristo."

**Ayon sa Kasulatan, ipinapakita ng ebanghelyo ang KALUWALHATIAN ni Jesu-Cristo. Kaya't ang ipahayag ang Kayang kaluwalhatian ay dapat na pinakamahalaga.**

Ang Magandang Balita ay ipinapahayag ang mga katotohanang ito:

**(1) SI JESU-CRISTO AY DIYOS-TAO;**

**(2) ANG KAMATAYAN NI JESU-CRISTO;**

**(3) ANG MULING PAGKABUHAY NI JESU-CRISTO;**

**(4) KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NG DIYOS AMA, ANAK, AT BANAL NA ESPIRITU; AT**

**(5) KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN LAMANG NG BIYAYA NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA KAY JESU-CRISTO LAMANG.**

KATOTOHANAN NG MAGANDANG BALITA #1:

# Si Jesu-Cristo ay Diyos-Tao

*Juan 1:1-18 & Colosas 2:8-9*
"Nang pasimula, naroon na ang tinatawag na Salita. Ang Salita ay kasama ng Dios at ang Salita ay Dios... Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya... ngunit ang biyaya at katotohanan ay napasaatin sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Wala pang nakakita sa Dios Ama kahit kailan, ngunit ipinakilala siya sa atin ng kanyang Bugtong na Anak, na Dios din nga at kapiling ng Ama."

**Ayon sa Kasulatan, si Jesu-Cristo ang bugtong na Anak na GANAP NA DIYOS at PERPEKTONG TAO.**

- **Bugtong na Anak:** isa lamang na walang katulad. *Juan 3:16*
- **Diyos na nagkatawang tao:** *Mateo 1:23, Colosas 1:15*

*Lucas 1:26-35 & Roma 1:1-4 & Hebreo 1:1-13*
"... "Huwag kang matakot, Maria, dahil pinagpala ka ng Dios. Magbubuntis ka at manganganak ng isang lalaki, at papangalanan mo siyang Jesus. Magiging dakila siya at tatawaging Anak ng Kataas-taasang Dios... "Sasaiyo ang Banal na Espiritu at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasang Dios. Kaya ang banal na sanggol na ipapanganak mo ay tatawaging Anak ng Dios."

**Ayon sa Kasulatan, si Jesu-Cristo bilang "Anak ng Diyos" ay nagpapahayag ng Kanyang kabanalan bilang Diyos at ang kanyang likas na karapatan na maging:**
**(1) TAGAPAGMANA ng lahat ng nilikha,**
**(2) SINASAMBA ng lahat ng nilikha, at**
**(3) PANGINOON ng buong sangnilikha.**

- ·Ang pangalang **Jesus** ay nangangahulugang "Si Jehova ay kaligtasan" *Mateo 1:21, Gawa 4:8-12*
- ·Ang ibig sabihin ng titulong **Cristo** ay "ang pinahiran o hinirang ng Diyos" *Mateo 3:16-17, Gawa 10:34-38*
- **Anak ng Ama:** *Lucas 1:35, Juan 3:16, Juan 6:69, Juan 5:17-18*

# #5: Kaligtasan sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo lamang.

*Roma 8 & Filipos 1:27 & Hebreo 13:15 & Tito 3:3-7 & Juan 10:27-30*
"Kaya ngayon, hindi na hahatulan ng kaparusahan ang mga nakay Cristo Jesus... ang mga nasa itaas o mga nasa ibaba, o kahit ano pang mga bagay sa buong mundo ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Dios."

**Ayon sa Kasulatan, ang KATIYAKAN ng kaligtasan at buhay na walang hanggan ng isang Kristiyano ay nakatatag sa ganap na katotohanan ng Salita ng Diyos;**

kung saan, ipinapahayag ng Diyos na ang kaligtasan ay eksklusibo sa pamamagitan ng pag ibig, awa, at biyaya ng Diyos sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Jesu-Cristo at wala tayong kinagawan dito. Dahil wala tayong ginawa o magagawa para makamit o maging karapat-dapat sa kaligtasan ng Diyos, gayon din na wala tayo o sinuman makakagawa para mawala ito!

**Samakatuwid, ang tanging dapat gawin ng mga Kristiyano ay patuloy na mag alay sa Diyos ng pasasalamat at papuri sa pamamagitan ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng:**
**(1) PAMUMUHAY na karapat-dapat sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo, at**
**(2) PAGPAPAHAYAG ng ebanghelyo na karapat dapat kay Jesu-Cristo.**



# #1: Si Jesu-Cristo ay Diyos-Tao

*Marcos 10:45 & Filipos 2:5-11*
"Sapagkat kahit ako, na Anak ng Tao ay naparito sa mundo, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at magbigay ng aking buhay para matubos ang maraming tao!"

**Ayon sa Kasulatan, si Jesu-Cristo bilang "Anak ng Tao" ay nagpapahayag ng Kanyang pagpapakumbaba bilang isang TAO at Kanyang SOBERANONG Pagkapanginoon sa lahat sa kaluwalhatian ng Diyos Ama.**

- **Anak ng Tao:** *Mateo 20:17-19, Mateo 25:31-33, Daniel 7:13-14*

---

*Juan 1:29 & Pahayag 5*
"Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kanya. Sinabi niya sa mga tao, "Narito na ang Tupa ng Dios na ihahandog upang mag-alis ng kasalanan ng mga tao sa mundo!"

**Ayon sa Kasulatan, dahil si Jesu-Cristo ay ang Anak ng Diyos at ang Anak ng Tao, Siya lamang ang KARAPAT DAPAT na pwedeng magtupad ng banal na SAKRIPISYO na kinakailangan ng Diyos upang iligtas ang sangkatauhan sa ating mga kasalanan.**

- **Anak ng Diyos at Anak ng Tao na karapat dapat na iligtas ang sangkatauhan:** *Mateo 1:21, Mateo 16:13-17*

KATOTOHANAN NG MAGANDANG BALITA #2:

## Ang kamatayan ni Jesu-Cristo

*Roma 5:8 & 2 Corinto 5:21 & 1 Juan 3:16 & Filipos 2:8*
"Pero ipinakita ng Dios sa atin ang kanyang pag-ibig sa ganitong paraan: Kahit noong tayo'y makasalanan pa, namatay si Cristo para sa atin."

**Ayon sa Kasulatan, si Jesu-Cristo ang PUMALIT para sa atin na mga makasalanan sa krus at namatay bilang SAKRIPISYO para sa mga kasalanan ng sangkatauhan.**

- **Para sa:** sa ngalan ng/para sa kapakanan ng

---

*Roma 3:25 & Roma 1:16-17 & Roma 8:1-4 & Isaias 53 & Mateo 26:26-28*
"Isinugo si Cristo Jesus sa mundo para ialay ang kanyang buhay, nang sa ganoon mawala ang galit ng Dios sa atin, at sa pamamagitan ng kanyang dugo ay mapatawad ang ating mga kasalanan kung sasampalataya tayo sa kanya. Ginawa iyon ng Dios para ipakita na matuwid siya. Noong una'y nagtimpi siya at pinalampas ang mga kasalanang ginawa ng mga tao, kahit na dapat sana'y pinarusahan na sila."

**Ayon sa Kasulatan, ang kamatayan ni Jesu-Cristo ay lubos na natupad at nakamtan:**

**(1) ang KATUWIRAN ng Diyos;**

**(2) ang BATAS ng Diyos, at**

**(3) ang MATINDING GALIT ng Diyos sa kasalanan ng sangkatauhan.**

- **Pagbayad-sala: tinakpan.** *Exodus 30:10, Hebreo 9:22*
- **Pagpapalubag-loob:** sapat na sakripisyo. *1 Juan 2:2, 1 Juan 3:5*
- **Matinding Galit ng Diyos:** *Roma 5:9, Hebreo 10:29-31, Juan 3:34-36, 1 Tesalonica 1:9-10, 1 Tesalonica 5:9-10*



## #5: Kaligtasan sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo lamang.

*1 Corinto 12:3 & Juan 3:16-19 & Filipos 1:27-30*
"Kaya gusto kong malaman ninyo na walang taong pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios ang magsasabi, "Sumpain si Jesus!" At wala ring taong makapagsasabi na, "Si Jesus ay Panginoon," kung hindi siya pinapatnubayan ng Banal na Espiritu."

**Ayon sa Kasulatan, hindi natin kayang MANAMPALATAYA sa Kanyang Magandang Balita, ngunit pinili at binigyan ng Diyos ang mga Kristiyano ng PANANAMPALATAYA upang maniwala sa Magandang Balita ni Jesu-Cristo.**

- **Paniniwala mula sa Diyos:** *Gawa 13:44-48, Roma 10:8-10, Hebreo 11:1-6, Hebreo 12:1-2, Roma 12:1-3*

---

*Efeso 2:1-9 & Juan 1:12-13 & Efeso 1:22-23 & 1 Corinto 6:19 & Efeso 4:4-6*
"Ngunit napakamaawain ng Dios at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin, na kahit itinuring tayong patay dahil sa mga kasalanan natin, muli niya tayong binuhay kasama ni Cristo… Dahil sa biyaya ng Dios, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo. Kaloob ito ng Dios, at hindi galing sa inyo. Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmalaki ang sinuman."

**Ayon sa Kasulatan, sa biyaya ng Diyos lamang sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo lamang, ang mga Kristiyano ay yaong mga binuhay bilang:**

**(1) ANAK ng Ama,**

**(2) IGLESIA ni Cristo, at**

**(3) TEMPLO ng Banal na Espiritu.**

- **Anak ng Ama:** *Galacia 3:26, 2 Corinto 6:17*
- **Iglesia ni Cristo:** *Mateo 16:18, Colosas 1:18*
- **Templo ng Banal na Espiritu:** *1 Corinto 3:16, Roma 8:9*

# #5: Kaligtasan sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo lamang.

*Efeso 1:3-6, 2:8-9 & Juan 3:19-21 & Roma 3:10-18 & Juan 6:44*
"Purihin natin ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo, ibinigay niya sa atin ang lahat ng pagpapalang espiritwal mula sa langit. Bago pa man niya likhain ang mundo, pinili na niya tayo para maging banal at walang kapintasan sa paningin niya. Dahil sa pag-ibig niya, noong una pa'y itinalaga na niya tayo para maging mga anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Ayon na rin ito sa kanyang layunin at kalooban..."

**Ayon sa Kasulatan, lahat tayo ay minahal ang KADILIMAN at pinili nating tanggihan ang Diyos, ngunit PINILI ng Diyos ang mga Kristiyano at Diyos din ang gumawa para ang mga Kristiyano ay magsisi at lumapit kay Jesu-Cristo.**

- **Ang kalooban ng Diyos:** *Satiago 1:17-18, Juan 1:12-13, Mateo 11:27-30*
- **Ang Diyos ay humahantong sa pagsisisi:** *Roma 3:10-24, 2 Corinto 7:9-10, Roma 2:4*
- **Ang Pagpili ng Diyos:** *2 Tesalonica 2:13-14, Roma 9:15-24, 1 Corinto 1:26-31, 2 Timoteo 2:10, Efeso 1:3-6, Gawa 2:37-39, Gawa 13:46-48*

*1 Corinto 2:1-16 & 1 Juan 5:19-20 & Colosas 1:3-6 & Mateo 13:18-23*
"...Ngunit sa taong hindi pinananahanan ng Espiritu ng Dios, hindi niya tinatanggap ang mga aral mula sa Espiritu, dahil para sa kanya ito'y kamangmangan. At hindi niya ito nauunawaan, dahil ang mga bagay na ito'y mauunawaan lamang sa tulong ng Espiritu. Sa taong pinananahanan ng Espiritu, nauunawaan niya ang mga bagay na ito, ngunit hindi naman siya maunawaan ng mga tao na hindi pinananahanan ng Espiritu ng Dios. Ayon nga sa sinasabi ng Kasulatan, "Sino ba ang nakakaalam ng isip ng Panginoon? Sino ba ang makakapagpayo sa kanya?" Ngunit tayo, taglay natin ang pag-iisip ni Cristo, kaya nakakaunawa tayo."

**Ayon sa Kasulatan, hindi natin MAUNAWAAN ang Kanyang Magandang Balita, ngunit pinili at binigyan ng Diyos ang mga Kristiyano ng ISIP upang maunawaan ang Magandang Balita ni Jesu-Cristo.**

- **Pag-unawa mula sa Diyos:** *Lucas 24:44-48, Roma 3:10-11, 1 Corinto 1:18-24, Colosas 1:3-7.*



# #2: Ang kamatayan ni Jesu-Cristo

*Roma 5:10 & 2 Corinto 5:18-20 & Lucas 24:45-47*
"Dati'y kaaway tayo ng Dios, pero ngayon, tinanggap na niya tayong mga kaibigan sa pamamagitan ng pagkamatay ng kanyang Anak. At ngayong mayroon na tayong magandang relasyon sa Dios, tiyak na ililigtas niya tayo sa kaparusahan sa pamamagitan ng buhay ni Cristo."

**Ayon sa Kasulatan, ang kamatayan ni Jesucristo ay nagdudulot ng KAPATWARAN at PINAPAGKASUNDO ang makasalanan sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo.**

- **Nagpanumbalik:** pagbabalik sa/panunumbalik ng pabor o biyaya
- **Kapatawaran:** pagpalaya sa pagkabihag at kaparusahan

*Efeso 1:7-8*
"Sa pamamagitan ng dugo ni Cristo, tinubos tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad ang mga kasalanan natin. Napakalaki ng biyayang ipinagkaloob sa atin ng Dios. Binigyan niya tayo ng karunungan at pang-unawa."

**Ayon sa Kasulatan, ang kamatayan ni Jesu-Cristo ay kabayaran:**
**(1) ng ating UTANG sa Batas ng Diyos,**
**(2) ng kaniyang PAGKA PANGINOON ng sangnilikha, at**
**(3) ng kanyang PAG AARI ng mga Kristiyano.**

- **Pagtubos:** pagpapalaya sanhi ng pagbabayad.
- **Utang:** *Galacia 4:4-5, Roma 3:23-24, 6:23, 8:1-4*
- **Pagka Panginoon:** *Roma 14:9, 2 Pedro 2:1, Filipos 2:8-11*
- **Pag aari:** *1 Corinto 6:19-20, Tito 2:11-14, Gawa 20:28*

KATOTOHANAN NG MAGANDANG BALITA #3:

## Ang muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo

*Roma 6:23 & Genesis 2:16-17 & Hebreo 7:23-28*
"Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."

**Ayon sa Kasulatan, ang muling pisikal na pagkabuhay ni Jesu-Cristo ay nagpapatotoo na Siya lamang ang makapagliligtas sa sangkatauhan mula sa espirituwal at pisikal na PAGHUHUKOM ng Diyos sa mga makasalanan, na kamatayan o impiyerno.**

- **Kamatayan kahihinatnan ng kasalanan:** *Roma 3:23, Roma 5:12*
- **Walang hanggang hiwalay sa Diyos bilang walang hanggang parusa para sa mga makasalanan:** *Pahayag 20:11-15; 2 Tesalonica 1:6-10*
- **Walang hanggan sa piling ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo:** *Roma 8:39, Juan 11:25-27, Juan 14:1-6; Pahayag 21:1-4*

*Roma 4:22-25 & Galacia 2:15-16 & Filipos 3:7-11 & 2 Corinto 5:21 & Juan 16:8-11*
"Kaya nga, itinuring ng Dios na matuwid si Abraham dahil sa kanyang pananampalataya. Pero ang katagang, "itinuring na matuwid," ay hindi lamang para kay Abraham, kundi para rin sa atin. Tayo rin ay itinuturing ng Dios na matuwid kung sumasampalataya tayo sa kanya na muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus. Pinatay si Jesus dahil sa ating mga kasalanan, at muling binuhay para tayo'y maituring na matuwid."

**Ayon sa Kasulatan, dahil muling nabuhay si Jesu-Cristo; ang mga makasalanan ay ipinapahayag na MATUWID ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya.**

- **Muling binuhay:** nagdala/nabuhay muli.
- **Itinuring na matuwid:** upang maipahayag na matuwid ng isang hukom.
- **Matuwid:** katanggap tanggap sa Diyos, aprubado ng Diyos, at tama sa Diyos.



## #5: Kaligtasan sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo lamang.

*2 Corinto 4:3-4 & Juan 1:4-9, 12:46 & Roma 1:18-21*
"Ngunit kung may mga hindi nakakaintindi sa Magandang Balita na aming ipinapahayag, ito ay ang mga taong napapahamak. Ayaw nilang maniwala sa Magandang Balita dahil ang kanilang mga isipan ay binulag ni Satanas na naghahari sa mundong ito. Binulag niya sila para hindi nila maintindihan ang Magandang Balita tungkol sa kapangyarihan ni Cristo, na siyang larawan ng Dios."

**Ayon sa Kasulatan, lahat tayo ay BULAG sa liwanag o katotohanan ng Kanyang ebanghelyo, ngunit inihayag ng Diyos sa lahat ng ating KAPARUSAHAN o PAGKODENA.**

- **Si Jesus ang Liwanag:** *Gawa 26:15-18, Juan 8:12, Juan 12:46*

*Roma 6:23, 3:23 & Mateo 11:28-30*
"Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, ngunit ang kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."

**Ayon sa Kasulatan, hindi natin kayang TAKASAN ang ating kaparusahan, ngunit ginawa ng Diyos na ang KALIGTASAN ay posible at inaalok sa lahat.**

- **Kaparusahan ng Mundo kumpara sa Kaligtasan kay Cristo:** *Juan 3:16, 1 Juan 2:1-2, Tito 2:11-14, Mateo 11:28-30*

KATOTOHANAN NG MAGANDANG BALITA #5:

# Kaligtasan sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo lamang.

*Efeso 2:1-9 & Roma 5:6-10, 8:1*
"Ngunit napakamaawain ng Dios at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin, na kahit itinuring tayong patay dahil sa mga kasalanan natin, muli niya tayong binuhay kasama ni Cristo… Dahil sa biyaya ng Dios, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo. Kaloob ito ng Dios, at hindi galing sa inyo. Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmalaki ang sinuman."

**Ayon sa Kasulatan, ang mga Kristiyano ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos lamang at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo lamang dahil tayo ay PATAY dahil sa ating mga kasalanan (wala tayong kakayahang, di makadiyos, makasalanan, at kaaway).**

- **Patay:** Wala lakas o espiritwal na patay.
- **Walang kakayahang:** Walang lakas sa harap ng Diyos.
- **Di makadiyos:** paglapastangan sa Diyos.
- **Makasalanan:** tapat sa kasamaan.
- **Kaaway:** mapanghimagsik sa Diyos.
- **Naligtas:** iligtas mula sa pagkawasak/pagsumpa.
- **Biyaya:** hindi karapat dapat o hindi karapat dapat na pabor
- **Pananampalataya:** pananalig o katapatan sa katotohanan
- **Kaligtasan ng Diyos lamang:** *Colosas 1:13-14, Juan 1:12-13, 2 Timoteo 1:8-9.*



# #3: Ang muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo

*Roma 8:15-16 & Juan 1:12-13*
"At ang Espiritu na tinanggap ninyo ay hindi kayo inalipin upang muling matakot, sa halip ginawa kayong mga anak ng Dios. Ngayon, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, matatawag na ninyong "Ama" ang Dios. Ang Banal na Espiritu at ang ating espiritu ay parehong nagpapatunay na tayo'y mga anak ng Dios."

**Ayon sa Kasulatan, dahil muling nabuhay si Jesu-Cristo; ang mga makasalanan ay INAMPON bilang mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya.**

- **Ginawa kayong mga anak:** *Juan 1:12-13; Galacia 3:26-29, 4:4-5; Efeso 1:3-6; 1 Juan 3:1-2; Juan 4:24; 1 Corinto 2:11*

*Gawa 26:17-18 & Colosas 1:13-14*
"Ililigtas kita sa mga Judio at sa mga hindi Judio. Ipapadala kita sa kanila para imulat ang kanilang mata at dalhin sila mula sa kadiliman papunta sa liwanag, at mula sa kapangyarihan ni Satanas papunta sa Dios. At sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya sa akin, patatawarin sila sa kanilang mga kasalanan, at mapapabilang na sila sa mga taong itinuring ng Dios na sa kanya.'"

**Ayon sa Kasulatan, dahil muling nabuhay si Jesu-Cristo; ang mga Kristiyano ay IBINUKOD sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya.**

- **Mapapabilang/ibukod:** na italaga ng Diyos sa Diyos. *1 Corinto 1:2, 6:10-11; Juan 17:17-21*

# #3: Ang muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo

*1 Tesalonica 4:1-8 & 5:21-24*
"Nais ng Dios na maging banal kayo… Tinawag tayo ng Dios para mamuhay sa kabanalan, hindi sa kahalayan. Ang sinumang hindi sumusunod sa mga utos na ito ay hindi sa tao sumusuway kundi sa Dios na nagbibigay sa inyo ng kanyang Banal na Espiritu."

**Ayon sa Kasulatan, dahil muling nabuhay si Jesucristo; ang kalooban ng Diyos para sa mga Kristiyano ay MAGING BANAL sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya.**

- **Pagpapakabanal:** paglilinis, o upang dalisayin ng Diyos. *2 Tesalonica 2:13-14, 1 Pedro 1:1-2 & 14-16; Hebreo 12:4-10, Filipos 1:6*

*Roma 8:11-18 & Efeso 2:4-7 & Juan 11:25-26*
"… Ang Banal na Espiritu at ang ating espiritu ay parehong nagpapatunay na tayo'y mga anak ng Dios. At bilang mga anak, mga tagapagmana tayo ng Dios at kasama ni Cristo na magmamana ng mga pagpapalang inilaan niya. Sapagkat kung magtitiis tayo kagaya ni Cristo noon, darating ang araw na pararangalan din tayong kasama niya…"

**Ayon sa Kasulatan, dahil muling nabuhay si Jesu-Cristo, ang mga Kristiyano ay luluwalhatiin sa piling Niya ng ESPIRITUWAL at PISIKAL sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya.**

- **Niluwalhati:** magkasamang parangalan o magkasamang aprubahan/panuntunan.
  *Filipos 3:20-21, Colosas 3:1-4, 1 Tesalonica 4:13-18, Gawa 1:7-11*

# #4: Kaligtasan sa pamamagitan ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Banal na Espiritu

*1 Juan 5:5-13 & Juan 16:5-15 & Mateo 3:13-17, 26:26-28 & Roma 1:1-17*
“Kaya may tatlong nagpapatotoo tungkol kay Jesus: ang Banal na Espiritu, ang tubig nang magpabautismo siya, at ang dugo nang mamatay siya. At ang tatlong ito’y nagkakaisa. Tinatanggap natin ang patotoo ng mga tao, ngunit higit na maaasahan ang patotoo ng Dios dahil siya mismo ang nagpatotoo tungkol sa kanyang Anak… At ito ang patotoo ng Dios: Binigyan niya tayo ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito’y nasa kanyang Anak…”

**Ayon sa Kasulatan, ang pananampalataya sa iisang tunay na Diyos at sa kanilang PATOTOO ay nagbubunga ng buhay na walang hanggan sa lahat ng naniniwala sa Magandang Balita ni Jesu-Cristo.**

KATOTOHANAN NG MAGANDANG BALITA #4:

# Kaligtasan sa pamamagitan ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Banal na Espiritu

*Pahayag 4:5-8 & Roma 11:33 & Isaias 55:8-9 & Deuteronomio 29:29*
"Banal! Banal! Banal ang Panginoong Dios nating makapangyarihan sa lahat. Siya ang Dios noon, ngayon, at sa hinaharap."

*Roma 10:8-18 & Juan 20:30-31*
"Sasampalataya lang ang tao kung maririnig niya ang mensahe tungkol kay Cristo, at maririnig lang niya ito kung may mangangaral sa kanya."

**Ayon sa Kasulatan, ang Diyos ay banal at hindi kayang lubos maintidihan ng sinuman, subalit ipinahayag ng Diyos sa Kanyang Kasulatan ang dapat na PANAMPALATAYAAN ng bawat tao.**

- **Banal:** itakdang higit sa lahat o sa sinuman
- **Pananampalataya:** pananalig sa katotohanan. *Roma 1:18-20; Hebreo 1:1-2; Juan 5:39-40; 14:25-26, 16:13-14*

---

*1 Corinto 8:4-6*
"...alam natin na ang mga dios-diosang ito'y hindi totoong Dios, dahil iisa lamang ang Dios."

**Ayon sa Kasulatan, Kailangan nating maniwala sa ebanghelyo ng Diyos; na ISA lamang ang tunay na Diyos:**
**(1) ang AMA,**
**(2) ang ANAK, at**
**(2) ang ESPIRITU SANTO.**

- **Isang Diyos:** *Deuteronomio 4:35-39, Isaias 45:5-6, Marcos 12:29-30*
- **Ang Ama ay Diyos:** *Juan 20:17, 1 Juan 1:3, 2 Pedro 1:17, 1 Timoteo 1:2*
- **Ang Anak ay Diyos:** *Tito 2:13, Juan 5:16-18, 2 Pedro 1:1, Hebreo 1:5-13, Pahayag 22:12-13*
- **Ang Espiritu Santo ay Diyos:** *1 Corinto 3:16, 6:19; Marcos 3:28-29, Juan 14:16-17, Gawa 5:1-4*



# #4: Kaligtasan sa pamamagitan ng Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Banal na Espiritu

*Gawa 10:34-44*
"Alam din ninyo ang mga nangyari sa buong Judea tungkol kay Jesus na taga-Nazaret. Nagsimula ito sa Galilea matapos mangaral ni Juan tungkol sa bautismo. Binigyan ng Dios si Jesus ng Banal na Espiritu at kapangyarihan.... siya ang tunay na pinili ng Dios na maging tagahatol ng mga buhay at ng mga patay. Si Jesu-Cristo ang tinutukoy ng lahat ng propeta nang ipahayag nila na ang lahat ng sumasampalataya sa kanya ay patatawarin sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan."

**Ayon sa Kasulatan, ang mga Kristiyano ay NALIGTAS dahil sa biyaya ng nag iisang tunay na Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, ang Hinirang ng Ama sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.**

- **Kristo:** ang pinahiran o hinirang ng Diyos. *1 Corinto 15:1-5, Mateo 3:13-17, Isaias 42:1*
- **Pinahiran/Hinirang:** ang pinili at binigyan ng espesyal na gawain ng Diyos. *Mateo 1:18-23, Marcos 1:1-11, Lucas 1:26-35, Juan 1:29-34*

---

*Tito 3:4-7 & Juan 3:16 & 1 Juan 3:16 & Juan 16:7-11*
"Ngunit nang mahayag ang biyaya at pag-ibig ng Dios na ating Tagapagligtas, iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa, kundi dahil sa kanyang awa. Iniligtas niya tayo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na naghugas sa atin at nagbigay ng bagong buhay. Masaganang ibinigay sa atin ng Dios ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Tagapagligtas, upang sa kanyang biyaya'y maituring tayong matuwid at makamtan natin ang buhay na walang hanggan na ating inaasahan."

**Ayon sa mga Kasulatan, ang mga Kristiyano ay NILIGTAS ng Diyos Ama, ng Diyos Anak, at ng Diyos Banal na Espiritu.**